



Impormasyon at Mga Mapagkukunan para sa Mga Manlalakbay na Dumadating mula sa India

Ang County ng Santa Clara ay nakatayo sa pagkakaisa sa Indian/Indian-Amerikanong komunidad sa Bay Area habang ang krisis ng COVID-19 ay patuloy na kumakalat sa India. Ang County ay may impormasyon at mga mapagkukunan upang masuportahan ang mga miyembro ng komunidad na naapektuhan ng krisis.

Nauunawaan ng County na maraming miyembro ng komunidad ang tumulong sa pamilya at mga kaibigan sa pagpapadali ng kanilang pagbibiyaha sa Bay Area upang matiyak ang kanilang kaligtasan, pati na rin ang mga miyembro ng komunidad na kamakailang bumalik o babalik mula sa pagbibiyaha sa India para sa negosyo o personal na mga kadahilanan. Nag-aalok ang County ng sumusunod na patnubay upang makatulong na mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang kalusugan ng buong komunidad, at magbigay ng suporta at mga mapagkukunan sa mga kamakailang nagbibiyaha. Bagaman pinaghihigpitan ng gobyerno ng US ang pagbibiyaha mula sa India simula sa Mayo 4, 2021, ang patnubay na ito ay nalalapat sa mga kamakailang dumating mula sa India lamang, pati na rin ang anumang mga manlalakbay na hindi kasama sa paghihigpit sa pagbibiyaha.

Mga Rekomendasyon para sa Mga Manlalakbay na Dumarating mula sa India:

- 1) Lahat ng mga hindi nabakunahang manlalakbay ay dapat mag-kuwarantina kaagad ng 10 araw:**
 - Mahigpit na hinihimok ng County ang mga hindi nabakunahang manlalakbay na bumabalik mula sa India na mag-kuwarantina kaagad ng 10 araw pagkatapos makarating sa Santa Clara County, bilang [inirekomenda](#) ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California. Dapat subaybayan ang sarili ng mga manlalakbay ang mga sintomas ng COVID-19 sa buong panahon ng pag-kuwarantina. Bisitahin ang www.sccstayhome.org upang malaman nang higit pa.
 - Ang (mga) manlalakbay na nag-kakuwarantina ay dapat manatiling bukod mula sa mga taong hindi nila kasama, na nangangahulugang ang (mga) dumarating na manlalakbay ay dapat manatili sa isang magkahiwalay na silid sa loob ng isang bahay, o manatili sa isang hotel.
- 2) Ang mga nabakunahan na manlalakbay na nabakunahan sa India ay dapat na mag-kuwarantina ng 10 araw:**
 - Nalalapat ang rekomendasyon na mag-kuwarantina kahit na nabakunahan, dahil sa napakataas na bilang ng COVID-19 at hindi kumpletong impormasyon tungkol sa mga bakunang kasalukuyang ginagamit sa India.
- 3) Ang mga nabakunahan na manlalakbay na nabakunahan sa US ay hindi kailangang mag-kuwarantina:**
 - Para sa mga manlalakbay na ganap na nabakunahan ng isa sa tatlong bakuna na may Pahintulot sa Paggamit sa Emerhensiya mula sa FDA (Pfizer, Moderna, o Johnson & Johnson), hindi nalalapat ang rekomendasyon na mag-kuwarantina.
- 4) Lahat ng mga manlalakbay ay dapat magpasuri sa COVID-19, 3-5 Araw Pagkatapos ng Pagdating sa US:**
 - Lahat ng dumarating na manlalakbay ay dapat na magpasuri sa araw na 3, 4, o 5 pagkatapos makarating sa US, kahit na nabakunahan.
 - Nag-aalok ang County ng maraming mga opsyon para sa libreng pagsusuri, kabilang ang drive-through na pagsusuri. Bisitahin ang www.sccfreetest.org upang malaman nang higit pa at makahanap ng isang lokasyon. Hindi nangangailangan ng insurance ang pagpapasuri.

5) Kung positibo ang isang Manlalakbay, dapat silang magpabukod:

- Kung ang isang darating na manlalakbay ay positibo sa COVID-19, dapat silang magpabukod upang maprotektahan ang iba na mahawaan. Nangangahulugan ito na ang taong nasuring positibo ay dapat manatili sa bahay, maghiwalay ng kanilang sarili sa iba sa bahay (ibig sabihin, sa isang magkakahiwalay na silid), hindi tumanggap ng mga bisita, hindi gumamit ng pampublikong transportasyon, at hindi maghanda o maghain ng pagkain para sa iba.
- Nag-aalok ang County ng mga mapagkukunan, kabilang ang mga pagkagalagay sa motel at tulong sa pagkain, para sa mga hindi kayang magpabukod nang walang tulong. Bisitahin ang www.sccstayhome.org o tumawag sa (408) 808-7770.